

LINGON SA ISKOLARSYIP SA DULAAN (1948-2007)¹ LOOKING BACK ON THEATER SCHOLARSHIP (1948-2007)

■ **APOLONIO B. CHUA**

Apolonio Bayani Chua trained in theater with the Philippine Educational Theater Association. He wrote his dissertation on Metro Manila workers' cultural groups and did improvisatory creative drama pieces for workers' unions. He also explored the use of dramatic elements and rituals for university graduation ceremonies and union congresses. He occasionally writes poetry and directs plays. (apolonio.chua@up.edu.ph)

ABSTRACT

From 1948 to 2007, the academic community produced about a hundred titles of theses and dissertations on drama and theater, or made use of data from drama and theater for larger spheres of studies. The current article looked into identifying trends and points of emphasis, as the researches and studies progressed through roughly half a century of research production in the academic setting. Inductive in approach and tentative and exploratory in its analysis, the study identified four trends and points of emphasis in research production. In the fifties and sixties, the emphasis was more on studying the play text or drama; studies veered towards a literary reading and orientation. Eventually, this trend gave way to studying the larger phenomenon of mounting, and the *mise en scène* and the spectator became additional units of concern for research. Studies began to have sections on props, costumes, and staging techniques. In the eighties, a larger concern for looking at theater as social production followed. Participant observation, field work and ethnography gave equal emphasis on the social context of theater. Marxism and other perspectives from the social sciences framed theater studies then; correlations between theater and society became useful. Towards the last decade of the century,

theater studies aimed at a more conceptual approach, emphasizing core concepts like *panata* and other related or equivalent terms, elevating and defining the study of theater as a study of culture itself.

ABSTRAK

Gamit ang mahigit sa sandaang tesis at disertasyon hinggil sa dula at dulaan o sinasangkot ang mga ito na lumabas sa akademya mula 1948 hanggang 2007, kapwa sa Unibersidad ng Pilipinas at sa iba pa, nilayon ng “*Lingon sa Iskolarsyip sa Dulaan (1948-2007)*” na pulsuhan ang pangkalahatang daloy, tutok, tunguhin o kalakaran sa pagdadala ng mga pag-aaral. Panimula at *exploratory* sa *inductive* nitong lapat, nakatukoy ang pag-aaral ng apat na sapit o tutok sa daloy ng mga pag-aaral sa mga panahong naturan. Nagsimula sa mga tutok sa iskrip/dula text noong dekada singkuenta at sisenta sa mga tesis at disertasyon, natampok sa pag-aaral ang pagsusulat ng dula/drama ang pampanitikang salik, awtor, at mga kaakibat. Hanggang bumagtas ang mga pag-aaral sa interes din ng mananaliksik sa usapin ng pagsasaentablado ng mga dula, sa usapin ng teatro/dulaan. Mula iskrip ng unang kaabalahan, natampok ang mga datos ng *mise en scène*, ng tekstong aktuwal na pinapanood ng mga nakakasaksi sa mga pagtatanghal, ng mga kapamaraanang pang-entablado at kaugnay na usapin. Nang dumating ang dekada otsenta, lumundo ang pagtanaw ng mananaliksik sa pagtingin sa dulaan bilang produktong panlipunan. Ang *participant observation*, *field work* at *ethnography* ng pangalawang tutok ay nadagdagan ng higit na panlipunang hangganan, ng mga diing kontekstuwal at sosyolohikal. Sabihin pa, sumaklaw ang disiplina ng agham panlipunan sa pangatlong naobserbahang tutok sa mga pag-aaral, kumpara sa disiplina ng panitikan at disiplina ng teatro sa nangauna. Sa mga huling dekada ng dantaon dalawampu, umangat pa ang pag-aaral sa tutok kultural, kung saan higit na sinalungguhitan ng mga pananaliksik ang mga partikular na dalumat na umiinog sa mga ritwal at pagtatanghal, higit na tinutukan ng mga pag-aaral ang salik ng panata at mga kahalintulad; bagay na nag-angat sa mga pag-aaral na ito sa higit na malawakang interes hindi na lang sa sining at pamayanan, kundi sa kulturang umiiral dito, manapa, kinilala ang pag-aaral ng dulaan na larang ng pag-aaral ng kultura.

Keywords: Philippine theater scholarship, panata, simulain, Theater as Literature, performance, theater studies

Layunin ng kasalukuyang pag-aaral na balikan ang mga pag-aaral sa dulaan ng Pilipinas partikular sa espasyo ng akademya, kapwa sa Unibersidad ng Pilipinas at sa iba pang unibersidad na nakapaglabas ng mga pag-aaral sa dulaan, at mailahad ang napupulsihang mga pangkalahatang daloy o tunguhin sa pagdadala at tutok ng mga pag-aaral. May mga naging kalakaran ba o tunguhin sa mga pag-aaral?

Samakatwid, magsusuma sa napulsihang mga tunguhin ng pag-aaral sa dulaan ng Pilipinas sa akademya magmula humigit-kumulang kalagitnaan ng unang hati ng dantaon dalawampu, nang magsimulang maging produktibo ang mga pananaliksik sa larangan ng dulaang Pilipino sa mga unibersidad. Bagama't hindi ang kalahatan ng mga pananaliksik sa mga unibersidad hinggil sa dula at dulaan ang sasaklawin sa kasalukuyan, piniling ilimita muna ang pananaliksik sa panimulang mga datos mula sa mga tesis at disertasyon hinggil sa dula at dulaan mula sa mga unibersidad. Gagamiting batayang datos ang mga M.A. tesis at Ph.D. disertasyon na pumapaksa sa mga saklaw ng dula at dulaang Pilipino mula 1948 hanggang 2007. May posibilidad ba ng paglalagom ng mga ito, batay sa pangkalahatang hagod at tutok?

Bilang pagkilala, napakamahalaga ng akademya bilang pangunahing espasyo kung saan nakalilikha ng matimbang, kritikal, at may pagpapatuloy na mga pananaliksik hinggil sa dula at dulaan ng Pilipinas. Dito sa mga akademya ng huling-hati ng dantaon dalawampu at itinatuloy sa kasalukuyan, humigit-kumulang nagkaroon ng di-matatawarang tradisyon ng pananaliksik sa naturang larangan. Sa espasyo naman ng akademya, gulugod ng pananaliksik ang daloy ng mga inihaing tesis at disertasyon ng mga nangagsisipagtapos para sa *Master of Arts degree* o *Doctor of Philosophy degree* sa iba't ibang programa na pumipili ng dula at dulaang larang para sa kanilang tesis at disertasyon o isinasangkot ang mga larang sa kanilang paksa.² Maaring sabihing nangunguna ang Unibersidad ng Pilipinas, na sa aking pangunang listahan ay umaani humigit-kumulang ng singkwenta porsiyento ng magkasamang M.A. at Ph.D. tesis/disertasyon (Tingnan ang Hanayan 1).

Samakatwid, inaaring materyal at datos ng kasalukuyang pag-aaral ang mga naturang tesis at disertasyon na lumitaw sa espasyo ng akademya sa Pilipinas at mangilan sa labas ng bansa. Nasa pangunang antas pa lamang ang kasalukuyang pag-aaral sa pananaliksik, at hindi makapangahas na magbitiw ng tapos na pangangatwiran. Katunayan, hindi pa masabi na kumpleto na ang panimulang listahan ng mga tesis at disertasyon na nakalap hinggil sa dula at dulaan, bagama't tingin sa kasalukuyang pag-aaral, marami-rami na

ito at maari nang maging basehan ng isang panimula at eksploratoring pag-aaral. Inaaming may puwang para sa mga pagpupuno, pagtutuwid at mga pagdaragdag.

Hanayan 1: Lagom ng kabuuang naitalang tesis at disertasyon hinggil sa dula at dulaan mula sa mga pamantasan

Kabuuang bilang ng naitala mula 1948-2007: 104 tesis at disertasyon		
62	Unibersidad ng Pilipinas	(22 Ph.D.)
9	Ateneo de Manila University	
7	University of San Carlos (Lungsod ng Cebu)	
5	University of Santo Tomas	(1 Ph.D.)
3	Far Eastern University	
2	Doshisha University, Japan	(1 Ph.D.)
2	University of Wisconsin, Madison, U.S.A.	(1 Ph.D.)
2	University of the Visayas (Lungsod ng Cebu)	
1	National Teachers College	
1	National University	
1	De La Salle University	
1	Angeles University (Angeles, Pampanga)	
1	Philippine Normal College	
1	University of Nueva Caceres (Lungsod ng Naga)	
1	Guagua National Colleges (Guagua, Pampanga)	
1	Trinity University (Texas, U.S.A.)	
1	Arellano University	
1	Philippine Women's University	
1	Silliman University (Lungsod ng Dumaguete)	
1	Centro Escolar University	

Mga taon na walang naitalang ani ng tesis/disertasyon:
1949, 1965, 1966, 1968, 1982, 1983, 1992
1.762 kada isang taon. (c. 3 tesis/disertasyon kada 2 taon)

Tala: Iba't ibang programa ang saklaw dito. Bagamat ang tesis o disertasyon ay pumapaksa sa o ibinibilang na materyal ang dula at dulaan ng Pilipinas, ang mga titulo at programang akademiko ay iba-iba. May sa larangan ng *English Language*, o kaya ay *Comparative Literature*, mayroon sa Filipino o Panitikan ng Pilipinas, ang iba naman ay iba't ibang larangan ng pagpapakadalubhasa sa Edukasyon o sa *Philippine Studies*.

Apat na Alon ng Kalakarang Pananaliksik sa Dulaang Pilipino: Mga Tala, Balangkas, Paunang Paliwanag at Ilang Halimbawa

1) Tutok panitikan/iskrip/dula text dekada 50 at 60 humigit-kumulang

May panahon sa kasaysayan ng iskolarsyip sa dulaang Pilipino, na ang higit na nabigyang diin ay ang teksto ng dula at ibig sabihin, naging pangunahin at halos tanging interes ang *domain* ng drama o dula. Yugto pa ito ng pamamayani ng pampanitikan o *literary* na mga pag-aaral sa dulaan. Ang

drama ay ibinilang na bahagi ng panitikan, at ang usaping dulaan o panteatro ay medyo isinaisantabi muna. Hindi naman dahil itinuring ito na pangalawahin; marahil ay may mga lehitimong kadahilanan. Sa nauunang yugtong ito, hindi pa lang siguro puspang masaklawan o direktang mapag-aralan ang mga salik ng pagtatanghal o pagsasaentablado ng mga dula, na siyang tutukuyin ng pag-aaral na pangalawang kalakaran o sapit, higit na lumitaw sa bukana o malapit na sa dekada '70. Sa unang along tinutukoy, higit na naging tutok pa sa iskrip, sa *drama text*.

Halimbawa ng unang kalakarang natutukoy dito na mga lapat pampanitikan sa dula at dulaan ang mga pag-aaral noong dekada '50 at '60 sa dulaang Pilipino. Malaki ang hinuha ng mananaliksik sa mga gurong nagtuturo ng wikang Ingles at panitikan. Kalimitan ay mga tesis masteral sa pagtatamo ng titulo na *Master of Arts in English*. Halimbawa, ang "The Play in English as Written by Filipinos before 1942" ni Pilar Diaz na M.A. tesis sa Unibersidad ng Pilipinas noong 1963. Malaki ang papel ng Departamento ng Ingles sa yugtong ito, na siya ring departamento na humahawak sa mga kursong pampanitikan noon. Sina Alejandrino G. Hufana, Maria Lilia F. Realubit halimbawa, ay karaka-rakang matutukoy na mga guro mula sa Departamento ng Ingles, at sa Departamento ring ito sila nagtapos ng kanilang *masteral degree*.

Bagamat mga pangkalahatang pagtingin ang mga ito, totoong marami pa ring mahuhugot na direksyon at tunguhin sa hanay ng mga pag-aaral/pananaliksik. Hindi ko naman sinasabi na nalilimitahan lamang ang mga pag-aaral sa usaping pampanitikan, kundi higit ang tutok sa naturang katangian.

Sa dekada '50 at '60, ang batayang yunit na pinag-aaralan ay mga nakasulat na dokumento ng dula, kalimitan ang teksto na isinulat at/o inilathala ng mandudula, o naiwan sa kanyang kamag-anakan. Kaya't mas nananaig ang pagkilatis tekstuwal sa pangkalahatan, at hindi pa gaanong nagsasakonteksto sa usapin ng pagsasaentablado halimbawa, bagama't sa ilang pagkakataon, may mga pagtatala. Kalimitan din, matinding kaabalahan ang pagsasalin sa wikang Ingles ng mga *playscript*, kung ang mga mandudula ay sa mga wika ng Pilipinas nagsulat, lalong nagpapatibay sa obserbasyon na ang tutok ay ang nakasulat na tekstong nabuo ng mandudula. Halimbawa ang mga tesis nina Juan S. Aguas at Hufana na nagtataglay ng pagsasalin ng mga dulang orihinal na nasulat sa Kapampangan at Ilokano tungo sa wikang Ingles; o mismong sa pamagat pa lamang ng tesis, nililina na kaagad ito. Halimbawa, "A Study of Severino Reyes as a Dramatist, based on a Critical Analysis, with

an English Translation of his Zarzuela, 'Walang Sugat'" ni Quintana T. Daria. Dito sa nakasulat na dula pinapaikot ang pag-aaral. Ang batayang teksto ay ang manuskrito ng awtor o nailathalang dula, hindi pa ang tekstong kongkretong napanood ng partikular na mga manonood ng dula sa isang yugto ng panahon. Kung may pagsasalin, higit na pampanitikan ang ulos, para mabasa ang iskrip bilang panitikan, imbis na pagsasalin para sa pagsasaentablado.

Sa mga pamagat ng mga pag-aaral na nabuo ng dekada '50 at '60, mapupuna natin ang diin o lapit pampanitikan ng mga pag-aaral.

Ilang paghahalaw sa mga pamagat ng mga pag-aaral:

- Kuwento at dula ni Severino Reyes sa larangan ng panitikan
- Kasaysayan ng dulang Tagalog
- Early Philippine drama
- Study of Guerrero's plays
- (Filipino) English playwriting
- Moro-moro plays in Catanduanes
- Plays of (playwright), leading (region) dramatist
- Philippine plays in English
- Study of (playwright) as dramatist, based on a critical analysis of (text)
- Critical study of a Filipino (drama text)
- Dramatic art /dramaturgy
- Women characters in Philippine plays/male characters in Philippine plays
- Evaluative study of dramas of (playwright)
- (Period, e.g. pre-war) Filipino plays in English
- Literary significance of (playwright) in (region) drama
- (Content) of selected Philippine drama
- Study of dramatic works of (playwright)
- Study of drama in (region)

Pansinin ang pananaig ng mga salitang dula, drama, *dramaturgy*, *plays*, *playwriting*, *playwrights*, *characters*, at *literary significance* sa mga pamagat ng mga pag-aaral na nagpapatunay lang ng iniikutang pampanitikang tutok sa mga pag-aaral.

Ang ganitong kalakaran ng diin o tuon sa dula bilang panitikan ay sumasaklaw din o napapalalim sa pagbibigay diin sa mga kaakibat na pampanitikang konsepto ng *genre* (halimbawa, pagsasalungguhit sa mga anyong pandulaan sa mga pag-aaral: zarzuela in the Philippines, the moro-moro, *passion plays*), o kaya naman pagtalunton sa konsepto ng *period* o *historical time frame* sa pag-aaral (halimbawa, early Philippine drama, pre-war Filipino plays, plays before 1942). Samakatwid, ang tutok pampanitikan ng pag-aaral ay lumulundo sa *genre* o *period studies*. Isa pa ring direksyon ng pagpapalawig o pagpapalalim sa tutok pampanitikan ng mga pag-aaral ang pagpapahalaga sa mga rehiyonal o mga lalawiganing parametro sa mga produksyong pampanitikan ng Pilipinas (halimbawa, Iloko drama, moro-moro plays in Catanduanes, zarzuelas in Pangasinan, leading Cebuano dramatist, history of Sugbuanon drama, Capampangan dramatic literature, drama in Bikol, Ilongo drama, Boholano playwright) o kaya naman ay mga kaabalahang bayograpikal. Magandang halimbawa ng bayograpikal na lapat at kaabalahan ang pagkilatis sa mga tekstong naka-*frame* sa buhay ng manunulat. Halimbawa, ang tesis ni Juan S. Aguas na “A Study of the Life of Juan Crisostomo Soto with Special Reference to *Alang Dios!*” na ang diin ay sa buhay ng mandudula. Ang mga elaborasyong ito ng pag-aaral sa *genre*, panahon, parametrong rehiyonal at bayograpikal na kaabalahan sa pangkalahatang tutok pampanitikan sa unang dalawang dekadang tinataya sa kasalukuyang pag-aaral ay nakapagbigay ng di matatawarang pangunang pundasyon sa higit na ikasusulong ng mga pag-aaral sa sumunod na mga dekada.

Pero, mayroon mang pagsasanga sa mga kaabalahang nabanggit, ang pinakabatayang datos pa rin ng talakay ay ang *drama text*. Hindi natin minamaliit ang mga pag-aaral at pananaliksik na lumitaw nang mga dekadang naturan, balido ang mga pag-aaral na ito, lalo pa kung isasakonteksto na nagsisimula noong magmapa pa lang sa larangan ng dula at dulaan ng Pilipinas. Alalahanin nating sa kaso ng Unibersidad ng Pilipinas, hindi naman nagkaroon kaagad ng Departamento ng Dulaang Pilipino (wala pa nga noon kahit sa kasalukuyan), at ang makapangyarihang departamento ay Departamento ng Ingles, kung saan nakaatang din ang gawain ng pagtuturo at pananaliksik noon sa disiplina ng panitikan, na nagkaroon ng mga pag-aaral sa dula at dulaan ng Pilipinas ay kapuri-puri na. Bagama’t, maari nating itala na bulto ng pananaliksik ay isinagawa sa wikang Ingles, gayong may mga lumilitaw ding ibang tungo.³

Bagama't hindi pa talaga midyum ng pananaliksik ang tutok ng kasalukuyang pag-aaral, mas mga konseptuwal na diin o tutok sa mga pana-panahon ng iskolarsyip sa dula at dulaan ng Pilipinas, gayong makabuluhan pa rin ang mga katanungan hinggil sa usapin ng midyum ng wika ng pananaliksik sa mga pagbabago-bago sa mga pana-panahong tutok ng iskolarsyip. Maari pang balikan ang usaping ito.

Bukod sa natalakay na, ilang pagpapahalaga pa rin sa unang sapit/yugto ng pampanitikang tutok ang sumusunod:

Sa unang yugtong ito na tukoy ang diin sa dula/dulaan bilang panitikan naitatala sa kasalukuyang pag-aaral na malaking kaungusan ang pagbibigay-puwang sa mga produksyon ng mga mandudula sa bernakular, at lalong kapuri-puri, malaki ang puwang ng mga grupong etnolinggwistikong labas sa Tagalog. Matapos marahil ma-*exhaust* ang tutok sa mga tekstong pandulaan na sinulat ng mga Pilipino sa wikang Ingles, nagkapuwang ang mga tekstong Ilokano, Sebwano, Hiligaynon, Kapampangan, Panggasinense, at iba pa bilang paksa ng pananaliksik. Mahirap masabing mas naunang ginawang lehitimong paksa para sa mga tesis masteral sa mga panahong sangkot (dekada '50 at '60) ang mga manunulat at dramatista sa wikang Ingles, kumpara sa mga mandudula ng mga pangunahing etnolinggwistikong grupo sa Pilipinas. Bagama't pansining 1951 sumulat ng tesis tungkol sa mga dula ni Wilfrido Ma. Guerrero si Arsenio B. Arabia ("The Plays of Guerrero: A Critical and Interpretative Guide in the Study of His Plays") na nasundan noong 1972 ni Corinta G. Barranco ("Wilfrido Ma. Guerrero: The Dramatist as Critic of Contemporary Philippine Society"), bale, dalawa na kaagad ito. Pero, pansining sa mga unang taong ito, may dalawang tesis din kaagad kay Severino Reyes — ang kay Daria at ang kay Ester Francisco Deniga (1948), kaya't di naman masasabi talaga na may diin o prayoridad sa Filipino *playwriting* sa wikang Ingles sa pananaliksik.

Hindi totoo kung ganon na naunang tinutukan ang mga dulang Pilipino sa wikang Ingles, kahiman, marami-rami rin at masaklaw naman talaga ang pagtutok sa Filipino *plays in English*, bukod sa nabanggit ng tesis ni Diaz, na sinalo kaagad ni Pilar Yan Wong — "Filipino Drama in English from 1940-1971." Bukod dito, maihahanay rin ang tesis nina Zenaida M. Arespachoga, Sinco Baring, Rivera Escasinas, at Evangelista. Naging napakalakas din ng kalakaran ng pag-aaral sa mga rehiyonal na dramatista, labas pa nga katunayan sa maaring sabihing sentrong wika ng Tagalog o

Pilipino pa, nagpapatunay lang talaga ng pambansang saklaw o kabuuang saklaw ng dula at dulaan ng Pilipinas sa mga pananaliksik. Bagama't siyempre kung sa midyum na wika na ginamit sa pananaliksik ang pag-uusapan, nabanggit na Ingles talaga ang nanaig.

Tumungo na tayo sa pangalawang kalakarang napupulsuhan tutok sa pananaliksik na lumitaw sa daloy ng panahon.


2) Kalakarang tumutok din sa pananaliksik/pag-aaral sa pagsasaentablado ng mga dula, ang pandulaan o teatrical na datos dekada 60 at 70 humigit-kumulang

Kung ang una ay pampanitikan, ngayon naman ay pandulaan na ang tutok. Sa bandang hulihan ng dalawang dekadang naunang natutukan, nakatutukoy tayo ng mga bagong tutok o kaabalahan sa larangan. Ito ang pagbibigay-puwang o diin sa usapin naman ng pagsasaentablado, ng pagsasadulaan, ng aspektong teatrical. Ang pangalawang alon o sapit ay sumasaklaw sa pások ng mga datos ng *mounting* ng mga dula. Nagsimulang magtaglay ang mga pag-aaral ng mga kabanata bukod sa teksto ng dula, sa mga *props*, telon, pananamit ng mga produksyong pandulaan, at iba pa. Hindi ko sinasabi na iniwanan ang pampanitikang lapat, manapa, dinagdagan ng tutok sa usaping pagsasaentablado.

Magandang halimbawa nito ang pananaliksik ng iskolar na si Nicanor G. Tiongson sa kanyang aklat na *Kasaysayan at Estetika ng Sinakulo at Ibang Dulang Panrelihiyon sa Malolos* na umuugat sa kanyang tesis. Bagamat siyempre, di nalimitahan ang mga pag-aaral na ito sa datos pampanitikan at pagsasaentablado. Hindi naman yaon ang punto o nais salungguhan, higit na binibigyan-diin ang ideya na singhalaga na sa mananaliksik, wari ko, sa mga panahong ito sa kasaysayan at pananaw sa pananaliksik sa dulaang Pilipino ang naturang mga datos ng produksyon, na hindi gaanong nalinawan sa nauna-unang alon. Bagama't siyempre, marami pang tutok ang mga pananaliksik, lagpas sa pampanitikan at pandulaang kaabalahan.

Para higit na ma-*appreciate* natin ang bagong tunguhing ito, tingnan natin ang dalawang ilustrasyon sa pananaliksik ni Tiongson. Kita natin ang ibayong pag-iingat at kalinga ng mananaliksik sa mga pahinang ito upang mailahad ang datos ng pagsasaentablado:


pagsasaentablado




Larawan 11. Artipisyal para sa Pag-akyat ni Kristo sa Langit

Sanggunian: Tiongson, Nicanor G. *Kasaysayan at Estetika ng Sinakulo at Ibang Dulang Panrelihiyon sa Malolos*. Quezon City: Ateneo de Manila UP, 1975. 100.

Ilustrasyon 2: Marubdob na interes sa datos ng pagsasaentablado



Larawan 2. Artipisyal (lumalakad na tala) sa Pagdalaw ng Tatlong Hari



Larawan 3. Artipisyal (bangka at alang gumagalaw) sa Pamamalakay sa Dagat

Sanggunian: Tiongson, Nicanor G. *Kasaysayan at Estetika ng Sinakulo at Ibang Dulang Panrelihiyon sa Malolos*. Quezon City: Ateneo de Manila UP, 1975. 55.

Isa pa, sa iniikutang taon ng pagdaragdag ng tutok sa pagsasaentablado, kasabayan ng pananaliksik ni Tiongson ang kalapit-panahong mga pananaliksik din sa ibang unibersidad na tumitingin sa mga *production technique* o *production practices*. Pansinin natin ang pamagat ng dalawa sa mga ito:

Guillermo, Carolina D. "Evaluation of Moro-moro Production Techniques in San Nicolas, Ilocos Norte 1968-1970." MA thesis. Philippine Normal College, 1972.

Parian, Teresa C. "A Descriptive Study of the Production Practices of Eight Zarzuela Groups in Meycauayan, Bulacan." MA thesis. Ateneo de Manila U, 1973.

Napakalinaw ng saklaw ng mas nauna pa nga ng isa at dalawang taon sa pag-aaral ni Tiongson at napakaganda namang isipin na mula ang mga inisyatibang ito sa iba pang espasyong akademiko (hindi lang sa Unibersidad ng Pilipinas).

Hindi na lamang ang pampanitikan o *literary* na datos ang tinutukan, ang *theatricality* ng penomenon ay lubusang kinilala. Marahil, ang limitasyon lamang ng mga iskolar noong dekada '50 at '60 na tinutukoy sa unang bugso/alon/sapit ng pananaliksik ay mga tekstong sinauna ang kaharap nila o mga tekstong nakalap mula sa rehiyon nang mga naunang panahon, di tulad sa kaso halimbawa ng mga mananaliksik na tinutukoy natin sa mga panahon ng '60 at '70 na aktual na mga tropang pandulaan ang kanilang nakausap, nakapanayam, naobserbahan. Kaya't sa mga titulo ng mga tesis, pumapasok ang mga pariralang:

- Eight zarzuela groups of (particular town)⁴
- Production techniques in (particular town), (concrete years).

Archival o *manuscript* o *textual* ang atake ng naunang panahon na lumundo sa *observations of actual productions* dito sa pangalawa. At nakitabi ang *participant observation*, *field work* at *ethnography* sa mga pampanitikan at pamproduksyong kaabalahan sa pag-aaral at pananaliksik. Ang pangongolekta ng mga larawan/litrato ay inaring mahalagang datos o naglalaman ng datos (Napakadalang na may mga ilustrasyon sa pananaliksik noong dekada '50 at '60. Teksto ang karaniwang kaharap ng nagbabasa).

Nakita sa sunod na kaabalahan sa pananaliksik mismo, humigit-kumulang, kung paano ang sayaw o galaw sa komedya at/o senakulo sa mismong mga grupong pandulaan na kanilang pinag-aaralan. Wala marahil ito sa karanasan ng mga mananaliksik nang dekada '50 at '60 na naunang natukoy, at higit na kaharap nila ay mga manuskritong nakalap o iniwan sa kanila ng mga *descendants* ng mga mandudula. Hindi nila marahil naobserbahan o lubhang natanglawan ang *artifacts* (pananamit, *props*) ng produksyon o nasaksihan mismo ang mga produksyon, dahil ang *mounting* ay ginawa matagal nang panahon (*pre-war*) ang nakaraan, at wala pa marahil silang paraan para sa *reconstruction* ng *mounting* ng mga *dramatic text* na nabasa nila o ibayong impormasyon sa mga *mounting* datos. Sa kaso ng pananaliksik na tinutukoy natin sa yugtong ito, nabanggit na, nandiyan ang napakahalagang *fieldwork* at matinding kaalaman sa sining pandulaan at dokumentasyon nito *in situ*, sa pangkalahatan.

Nais rin nating salungguhan na sa mga pangalawang kalakarang ito, nagbago ang batayang yunit ng datos at obserbasyon ng mananaliksik mula iskrip ng dramatista tungong yunit ng mga pagtatanghal mismo ng mga dula sa partikular na mga komunidad at partikular na mga manonood. Malaking kaibahan itong pagbabago ng batayang datos ng pagsusuri at maraming implikasyong kaakibat. Ang mas naunang tutok ay naka-*frame* pa marahil sa mga *great writers* o *masterpieces* dalumat ng pag-aaral, samantalang sa pangalawang kalakarang ito, pumasok na din ang pagtukoy sa iba pang mahalagang mga personahe sa produksyon, halimbawa ang papel at katauhan ng direktor (na maaring ang manunulat din mismo at maari rin namang hindi), at lalong nasasalungguhan ang kolektibong karakter ng paglikha ng dulaan.

Maging ang konsepto ng *drama text* ay nagbago: mula pahina ng isang manuskrito o nalathala, naging teksto itong nasasaksihan ng partikular na mga manonood sa mga kongkretong pagtatanghal. Kaya't sa mga pahina ng mga pag-aaral, lumilitaw din ang mga tala hinggil sa napakahalagang salik ng pagtatanghal, at yan ay ang manonood. May pagkakataon na nirerekonstrak ng mananaliksik ang utak ng manonood habang nagbabasa ito ng teksto sa isang produksyon(o pagkatapos):

Bakit ang nagugustuhan ng mga manonood ay ang mga eksenang may komika, may artipisyales at losis, may istorya ng pag-iibigan at pagtatalo, at mga eksenang may makulay na telon at kasuutan?....Ang mga katanungang ito ay masasagot sa pagpapaliwanag ng buhay at kaayusang kinapapamuhayan ng isang magsasaka (Tiongson *Kasaysayan at Estetika* 187).

Higit na naging kontekstuwal at historikal ang mga pag-aaral na siya nang tutok sa pangatlo nating kalakaran.

Pero, bago natin iwan itong pangalawang sapit, itala lang natin na may pangkalahatang paglipat ng pokus sa panitikan, dula/drama tungo sa *theater*/dulaan, na nakikita rin natin sa mga pag-aaral hinggil sa pangkalahatang katayuan ng dulaan sa Pilipinas o pagtukoy sa adyenda ng dulaan sa Pilipinas. Katapat at kasabayan ng mga pag-aaral sa kongkretong praktika ng dulaan sa partikular na mga tropang pandulaan sa mga bayan-bayan ng Pilipinas ang pagdadalumat naman sa katayuan ng dulaan sa Pilipinas sa pangkalahatan o ang direksyong susuungin nito. Pansinin:

Amador, Zenaida. "Contemporary Philippine Theater." MA thesis. University of Santo Tomas, 1957.

Cortez, Rodolfo V. "The Contemporary Philippine Theater." MA thesis. University of Santo Tomas, 1963.

Lapeña-Bonifacio, Amelia. "The Suitability of Community Theater for the Philippines." MA thesis. University of Wisconsin, 1958.

Lukban, Jose. "The Present State of Filipino Theater." Diss. University of Santo Tomas, 1962.

Reyes-Guidote, Cecilia. "A Prospectus for the National Theater of the Philippines." MA thesis. Trinity University, 1967.

Ang mga kaabalangang ito na pagkilala sa pangangailangang suriin ang kasalukuyang katayuan ng dulaan noon at ang pagbalangkas sa adyenda ng dulaan sa kinabukasan ng Pilipinas ay nagpapatotoo sa higit na pokus o diin sa batayang yunit ng dulaan (hindi na *playscript*), mga kongkretong pagtatanghal, at mga grupong pandulaan ng pangalawang kalakaran na tinutukoy natin kumpara sa pokus o diin sa teksto ng dula/manunulat na nauuna. Bagamat pansinin ang tatlong mabibigat na pangalan, Amador, Lapeña-Bonifacio, at Reyes-Guidote, na mahihinuhang nag-iisip na ng mga kongkretong programa para sa dulaang Pilipino ng kanilang panahon, napakaaga nga katunayan, kung isasaalang-alang ang diin sa pag-aaral pampanitikan ng '50s at '60s. Sabihin nating higit na *theater artists* ang mga nabanggit, bukod sa pagiging guro marahil, kung saka-sakali, at mananaliksik sa dula at dulaan. Nang lumaon, itatatag ni Cecilia Reyes Guidote ang

Philippine Educational Theater Association (*late '60s*), mabibilang sa Dulaang Unibersidad ng Pilipinas at magtatatag ng Teatrang Mulat ng Pilipinas si Amelia Lapeña-Bonifacio, habang oorganisahin ni Zenaida Amador ang Repertory Philippines.

Masasabi nating mula panitikang lapat tumungo ang mga tutok ng pananaliksik sa pagsasaentablado at mga grupong pandulaan.

Tunguhin natin ang pangatlo at pang-apat na tulak o kalakaran.

3) Dulaan bilang produktong panlipunan, dekada 70 at 80, at

4) Kultura ng dulaan, dekada '80 at '90

Mula sa tutok na ito sa dramatiko at teatrikal na aspeto ng dulaan, umusad pa rin ang pananaliksik sa dulaang Pilipino nang sumunod na mga dekada sa lalo pang pagkilala sa mga salik na nag-uugnay sa mga datos pampanitikan at teatrikal sa datos panlipunan kung saan nabuo o lumitaw ang dulaan. Yugto ito ng pagkilala sa pananaw na ang dulaan ay isang produktong panlipunan, may pagbibigay-diin sa historikal at kontekstuwal na lapat. *Theater as social product*. Bale ang awtor ng dula ay di na nilimita sa *playwright*/mandudula, na siyang diin at higit na kinilala noong unang mga pananaliksik, bagkus kinilala ang mas malawak na *social formation* bilang may-akda. Nagmamarka sa yugtong ito ang tinta ng Marksismo, at ang mga aktibista ng dekada '60 at '70 ay nangagtatapos ng kanilang mga gradwadong pag-aaral.

Maari nating ihalimbawa ang pag-aaral ni Resil B. Mojares sa yugtong ito: *Theater in Society, Society in Theater, Social History of a Cebuano Village, 1840-1940*, isa sa pinaka-impluwensiyal marahil na pag-aaral/pananaliksik sa larangan ng dulaan na hindi umuugat sa akademikong yunit ng isang tesis/disertasyon, bagamat ginawa (*to borrow a phrase from a poem by Luna Sicat Cleto*) “sa lilom ng akademya,” bukod sa iba pa, ng University of San Carlos at ng Cebuano Studies Center dito. Sa yugto na ito, naging napakahalaga ng mga datos kontekstuwal para sa iskolar, di na lamang nalimita sa pampanitikan at teatrikal na mga datos. Ang pag-aaral pandulaan ay nasaklawan ng disiplina ng agham panlipunan, hindi na lamang disiplina ng panitikan at disiplina ng teatro.

Sa partikular na kaso ng Unibersidad ng Pilipinas, naging napakalakas, matindi ang mga pangkalahatang lapit at pananaw ng disiplina ng *Philippine Studies*/

Pilipinolohiya/Araling Pilipino, kasama na ang katangian nitong multidisiplinal sa yugtong ito. Humanay ang mga lapit antropolohikal, sosyolohikal, sikolohikal, ideyolohikal sa pag-aaral pampanitikan at pandulaan, halimbawa nito ang “*materialist analysis*” sa disertasyon ni Priscelina P. Legasto.

Maari pa rin tayong bumalik sa pinaka-ubod ng pananaliksik ni Mojares sa linambay/komedyang Cebu upang mahuli ang katangian ng direksyon ng pag-aaral sa yugtong ito. Matatandaan natin marahil ang isang pormulasyon mula sa pananaliksik ni Mojares mismo:

Ilustrasyon 3: Dulaan bilang akdang pampamayanan. Makinang na pagsusuri, sandaang porsiyento ng pamayanan sa espansyong pandulaan.

and a large periphery or base of small peasants.

This social hierarchy is “reflected” in the linambay. The participation of the villagers in the linambay can be graded according to their position in the social organization. Correspondences can be drawn among the three levels we have considered:

The Linambay Structure

<i>Level 1: Social Organization</i>	<i>Level 2: Organization of Production</i>	<i>Level 3: Organization of Symbols</i>
Inner elite	Primary sponsors Directors Playwrights	Kings Princes Princesses
Outer elite	Secondary sponsors	Dukes, generals & supporting roles
Small peasants	Suppliers of labor, goods & services	Soldiers & servants

This is not a closed system: on the plane of actuality, there were departures from this schema (a member of the elite cavorting on stage as a clown, the son of a smallholder playing the role of Alexander the Great). However, a quantitative analysis of the assignment of roles, both in the production and the play itself,

Sanggunian: Mojares, Resil B. *Theater in Society, Society in Theater, Social History of a Cebuano Village, 1840-1940*. Quezon City: Ateneo de Manila UP, 1985. 91.

Kita natin ang pagsasalikop ng datos ng lipunan dito, partikular ang *class profile* ng isang bayan sa datos naman ng isang *theater group/organisasyon/kumpanya* at sa datos ng *symbolic* (drama o dula) antas. Marahil, isa ang pag-aaral na ito sa pinakamatagumpay na nagpapakita ng pangatlong kalakaran sa mga pag-aaral na tinutukoy at tinatalunton ng kasalukuyang pag-aaral. Sa pangkalahatan, nakikita ang *correlation ng property/ari-arian* sa hirarkiya ng organisasyon ng dulaan at ng lipunan sa loob ng dula. Ang *inner elite* ay dalawang pamilya na nag-aari ng 28 porsiyento ng lupa sa baryo, samantalang mga 12 pamilya naman ng *outer elite* ang nagmamay-

ari ng 16 na porsiyento at mga humigit-kumulang apat na raang pamilya ang nag-aari ng 25 porsiyento. May mga 20 porsiyento na pag-aari ng mga taga-labas na asendero, at 11 porsiyento ang lupang komun (Mojares 102-108).

Malakas ang pangkalahatang kabig ng disiplina ng agham panlipunan ng mga pag-aaral sa dulaan nang dekada '70 at '80 na umagos at umaagos pa hanggang sa kasalukuyan, at isa sa pagkakaabalahan pa ng kasalukuyang pag-aaral ay ang pag-alam kung saang disiplina ng pagpapakadalubhasa nakapagtapos ang mga mag-aaral. Sa pagkabatid ng kasalukuyang mananaliksik, maramisa mga tesis at disertasyon ay mga huling kahingian sa pagtatamo ng titulo Master of Arts o Doctor of Philosophy sa Philippine Studies o Pilipinolohiya o Araling Pilipino (partikular sa Unibersidad ng Pilipinas). Bagamat maari ding sabihing tulak ito ng mga ideyang marksista na lubhang kumalat at nakapangyari nang naturang mga panahon. Wari'y hindi nakontento ang mga mag-aaral na pag-aralan ang dulaan sa anggulo lamang ng disiplina ng panitikan, o ng theater, na valid naman at *legit* na mga disiplina, ngunit ninais nilang saklawin ang dulaan at lipunan bilang magkasalikop na usapin.

Pansinin ang pagbanggit ng mga malinaw na panlipunang *variables* sa mga pamagat sa sumusunod na pag-aaral, bagamat malinaw na ang mga sentrong tutok ay mga dula at dulaan o panitikan:

Atienza, Glecly C. "Subersyon sa Dula sa Ilalim ng Batas Militar: Mga Dula ng PETA 1975-1981." MA thesis. University of the Philippines, 1990.

Calingacion, Belen D. "From Street to Stage Theater as a Communicative Strategy for Recovery, Rehabilitation and Empowerment of Center-based Street Children: The Case of Stairway's 'Goldtooth.'" Diss. University of the Philippines, 2001.

Chua, Apolonio B. 1996. "Dulambayan ng Manggagawa sa Konteksto ng Militanteng Kilusang Unyonismo (1980-1994)." Diss. University of the Philippines, 1996.

Cruz Lucero, Rosario. "Negros Occidental: 1970-1986 The Fall of the Sugar Industry and the Rise of People's Theater." Diss. University of the Philippines, 1990.

Gimenez Maceda, Teresita. "Mga Tinig Mula sa Ibaba: Kasaysayan ng Partido Komunista ng Pilipinas at Sosyalistang Partido ng Pilipinas sa Awit, 1930-1955." Diss. University of the Philippines, 1990.⁵

Nicholson, Patricia Jean. "Change and Continuity of Moryonan in the Context of Tourism: A Case Study of Culture Process in Marinduque, Philippines." Diss. University of the Philippines, 1997.

Natitingnan ang dulaan dito sa *frame* na panlipunan o pangkabuhayan o pampulitika, marahil sa konteksto ng kilusang bayan. O kaya'y kinikilatis ang mga posibilidad ng *correlation*, tago man o litaw sa datos, malay man o hindi sa mananaliksik, ng mga pandulaan at mga panlipunang *variables*. Kaya't nasasalungguhitan ang lapat kontekstuwal at pangkasaysayan sa mga pag-aaral.

Ang ibayo pang pagpapalalim sa mga pananaliksik na ito sa larangan ng dulaan na lumalaon ay pananaliksik na din sa lipunan at umuusad pa sa mga espasyo ng ating kultura ang sa ganang akin ay nagtutulak sa pang-apat na kalakaran sa iskolarsyip ng dulaan ng Pilipinas. Sa mga dekadang '80 at '90, napalitaw ang mga konsepto na tangi sa dulaan natin, tangi sa kultura ng Pilipino. Marahil, dito bumubulaklak o naging palasak ang gamit ng salitang dalumat sa iskolarsyip sa disiplina.

Katunayan, makabuluhang mabanggit na may dalawa nang disertasyon na nagtataglay ng salitang dalumat sa pamagat pa lang, at nagpapatunay ng hangaring makabuo ng teoriya o konseptuwal na pagtanaw na atin.

Obien-Landicho, Edna May. "Dalumat ng Lalim ng Pagkataong Pilipino sa mga Kuwentong Bayan na Isinakuwento at Isinadula para sa Bata." Diss. University of the Philippines, 2003.

Zafra, Galileo S. "Ang Dalumat ng Katuwiran mulang Duplo hanggang Balagtasan." Diss. University of the Philippines, 2000.

Ang napakayamang paglente ng disiplina ng agham panlipunan sa malawak na saklaw ng dulaan ng Pilipinas nang mga huling dekada nang nakaraang kalahating dantaon ay nakapagpalitaw ng di matatawarang mga katangitanging dalumat at espasyo sa kabuuan ng parametro ng dulaang Pilipino bilang larangan ng pananaliksik sa kultura ng Pilipinas. Sa isang pagkilala,

kulturang Pilipino na ang malawakang interes ng iskolar, bukod sa dulaan, at maaaring dumadaan sa mga datos nito. Tumampok ang dulaan bilang larangan ng pag-aaral ng kultura.

Pumasok halimbawa ang matinding puwang ng mga usaping ritwal sa iskolarsyip at higit na naipasok ang dulaan, partikular ang ritwal, bilang bahagi ng kultura ng Pilipinas, halimbawa, "The San Miguel Fiesta Rituals of Iligan City: Correlations of Form, Function and Value," ni Steven Patrick C. Fernandez. Marahil, naging napakalakas din ng pagkonpronta ng mga mananaliksik sa ating mga ritwal, na nagpalitaw din naman ng kakanyahan at kairalan ng kultura ng dulaang Pilipino. Bukod sa pag-aaral ni Fernandez, pansinin:

Gamo, Gloria. "Ang Tradisyon ng Luwa sa Kapistahan ng Taal, Batangas (1952-2004)" MA thesis. University of the Philippines, 2005.

Gamboa-Alcantara, Ruby V. "Isang Paglalarawan at Pagsusuri ng Panata ng Sayaw-Awit para kina San Pedro, San Pablo at Virgen de la Rosa sa Lumang Makati." MA thesis. University of the Philippines, 1987.

Gonzales, Sydney dT. "The Maytinis: A Ritual of Celebration in Kawit." MA thesis. University of the Philippines, 2001.

Llana, Jazmin B. "Ritual, Drama and Theater in the Sta. Cruz Dotoc." MA thesis. University of the Philippines, 1999.

Mandia, Danilo L. "Moryon: Panata sa Likod ng Maskara." MA thesis. University of the Philippines, 2002.

Martinez, Ma. Cristina J. "The Linambay of Linao, a Study of Theater as Ritual." MA thesis. University of the Philippines, 1990.

Queaño, Nonilon V. "Poetry and Ritual in the Tayabas Santacruzán." MA thesis. University of the Philippines, 1985.

Respeto, Jerry. "Bayang Panitikan: Ang Pagtatanghal ng Kabanalan sa Pakil, Laguna." Diss. University of the Philippines, 2007.

Tiatco, Sir Anril P. "Ang Ritwal ng Pagpapako sa Krus: Panata at Dulaan sa Bawat Turok ng Pako." MA thesis. University of the Philippines, 2006.

Pansinin ang sentralidad ng dalumat ng ritwal kahit ibatay lang natin sa pamagat. Sa pag-aaral ni Martinez, nasalungguhitan ang konseptong *halad* (45), hindi saktong katumbas ng panata sa wikang Tagalog, ngunit dalumat na kawing dito sa kultura ng linambay sa Leyte ng mananaliksik. May mga tala at pagbasa rin si Mojares sa *halad*, sa mga pahina 64-65 ng aklat, ngunit hindi ito wari naging matimbang o tampok sa higit na pangkalahatang sosyolohikal na kiling ng pag-aaral (Limang taon lamang ang pagitan ng pag-aaral ni Mojares sa pananaliksik ni Martinez). Samantala, kung may dalumat na mag-uugnay sa mapakahusay na pananaliksik nina Gamboa-Alcantara, Tiatco, Ledesma Mandia, at nang iba pa, dalumat ng panata na ito. Sa pananaliksik ni Respeto, sa bayan ng Pakil, natutumbasan ito ng dalumat ng ákò.

Higit na mapupulsohan ang pag-igting ng diin ng pananaliksik sa kultural na antas kung sisilipin din ang mga katumbas na pananaliksik na umiikot din sa mga kapanahunang tinutukoy sa yugtong ito, sa mga katumbas na pananaliksik din sa ibang larang ng sining, halimbawa, musika at sayaw, sa kaso ng marubdob na pananaliksik sa pamayanan ng Lumang Bauan ni Elena Rivera-Mirano o sa kaso ng pananaliksik sa bayan ng Paete sa sining biswal ni Brenda Fajardo, kapwa nag-uugat din sa mga disertasyon. Kung ihahanay sa dalawang ito ang natukoy na pananaliksik sa bayan ng Pakil ni Respeto, dama sa tatlo ang puntirya ng mga pag-aaral lagpas pa sa kaanyuan ng mga sining, at lagpas pa sa pag-unawa sa mga partikular na pamayanan (Lumang Bauan, Paete, Pakil), manapa, umaangat ang mga ito sa pagpapatotoo sa kalikhaan, integridad at pagliliwanag ng mga umiiral pang kultura. Nagpapanagpo ang mga magkakaibang pangunang interes at lunsaran sa musika, sayaw, sining biswal, pagtatanghal sa mga dalumat ng tradisyon at ritwal, patunay lamang ng kaisahan ng tunguhin ng tahak ng pananaliksik sa mga panahong ito. Hindi pagmamalabis, kung humanga sa pagrurok sa mga pagtatagumpay na ito, kapwa ng mga indibidwal na mga pagsusumikap at ang patuloy na pagtataguyod sa pananaliksik ng institusyon ng unibersidad.

Tunay na malawak ang natahak ng mananaliksik at mag-aaral ng dula at dulaan, tinatayang mga tatlong henerasyon din, mula sa mga naaning tesis at disertasyon pagkatapos ng Ikalawang Digmaang Pandaigdig. Isang bantayog ito ng pagpupunyagi, karangalan ng bawa't isa na nagdagdag ng kanyang kontribusyon sa iskolarsyip ng dula at dulaan ng Pilipinas. Ngangayon pa lang nahuhugisan ang kumulatibong bisa nito, at sunod na maaring hinuhain ang higit pang popularisasyon at silbi.

Hanayan 2: Lagom ng mga tutok sa daloy ng pananaliksik sa dulaang Pilipino

+50s, 60s-	+60s, 70s-	+70s, 80s-	+80s, 90s-
1. Dula bilang panitikan	2. Dula at pagsasaentablado	3. Dulaan at lipunan	4. Dalumat at kultura ng dulaan
teksto ng dula ang batayang yunit bayograpikal ang isang lapit major playwrights ang natutukan masterpieces na turing na pag-aaral	nagkaroon tutok din sa pagsasaentablado fieldwork, participant observation, ethnography mga grupong pandulaan, production teams	napakalakas ng hatak ng programang Philippine Studies, Marxism, social sciences multidisciplinary, interdisciplinary	konseptwal ang hataw kumikiling sa antropolohikal dalumat

NOTES

- ¹ Bilang kahingian sa pagtatamo ng Unibersidad ng Pilipinas ng Chua Giok Hong Professorial Chair, 2006-2007. Binahagi noong Agosto 15, 2007 sa College of Arts and Letters Audio-Visual Room bilang bahagi ng selebrasyon ng Buwan ng Wika ng Departamento ng Filipino at Panitikan ng Pilipinas sa pagtataguyod ng Sentro ng Wikang Filipino na pinamumunuan noon ni Dr. Galileo Zafra. Sa naturang panayam, naging reaktor sina Dr. Belen Calingacion at Dr. Amparo Adelina C. Umali III, kaya’t napayaman ang pag-aaral na ito ng kanilang mga komentaryo. Ibinahagi rin ang pag-aaral na ito sa 8th International Conference on Philippine Studies noong Hulyo 23, 2008 sa Philippine Social Science Council, Lungsod Quezon. Nirebisa para sa kasalukuyang publikasyon.
- ² Napakaminimal ng iba pang espasyo ng pananaliksik na matatagpuan labas sa espasyo ng akademya, bagamat masisilip pa ng kaunti ang pananaliksik na nagaganap mismo sa mga grupong pandulaan ng Pilipinas (sa Philippine Educational Theater Association halimbawa), at ganundin sa ilang ahensiya ng pamahalaan o mala-pampamahalaang ahensiya, tulad ng Sentrong Pangkultura ng Pilipinas o ng National Commission for Culture and the Arts. Gayunpaman, malinaw na ang produksyon ng pananaliksik sa larang ng dula at dulaan sa mga nabanggit na ahensiya ay hindi makapapantay sa bulto, tradisyon, pananagumpay, at pagtutuloy-tuloy ng produksyon ng pananaliksik sa akademya. Kalimitan din, nagmula ang mga nagsasaliksik sa mga ahensiyang ito sa mga unibersidad o nagagabayan/nagigiyahan ng mga pananaliksik mula sa akademya.
- ³ Kung susuriin ang usapin ng midyum (wika) ng mga pag-aaral/pananaliksik, pansining ang unang dalawang naitalang tesis ay nasusulat sa Pilipino (1948 kay Ester Francisco Deniga, “Ang mga Kuwento at Dula ni Severino Reyes sa

Larangan ng Panitikang Pilipino,” MA tesis sa National Teachers College, Manila; at 1950 kay Federico B. Sebastian, “Pahapyaw na Kasaysayan ng Dulang Tagalog,” MA tesis sa National University), at nagbunga muli ng wikang Pilipino pagkatapos na lamang ng mga 25 taon sa pag-aaral/pananaliksik (1974 kay Nicanor Tiongson, “Ang Dulang Panrelihiyon sa Malolos, Bulacan: Kasaysayan at Esterika,” MA thesis sa Unibersidad ng Pilipinas, at nang sumunod na taon, 1975, kay Petronila D. Cruz, “Isang Pagsasalin at Pagsusuri sa Pilipino ng *Ing Perla Qng Burac* (Ang Perlas sa Putik) ni Crissot, Isang Sarswelang Kapampangan,” MA tesis sa Angeles University). Bagamat hindi pa nga *exhaustive* itong nakalap na talaan, may posibilidad pa rin na hindi ganoon kadalang para sa usapin ng pagsusulat ng mga pananaliksik sa wikang Pilipino/Filipino.

Pero, maitatala naman ditong mula nang mga taong 1974 at 1975, halos sumasabay na ang bilang ng mga tesis at disertasyon sa larangan ng dula at dulaan na nasusulat sa wikang Pilipino/Filipino sa nasusulat sa wikang Inggles.

⁴ Sa mananaliksik ang diin, kung sa unang yugto ito ng mga kalakaran, posibleng nalimitahan ito sa *plays*.

⁵ Gayong higit na tutok sa awit, ngunit nagtataglay ng mapakahahalagang datos ng mga aktibidad pagtatanghal sa mga kilusang bayang natukoy.

PILING SANGGUNIAN

Tala: Maghihintay ng ibang pagkakataon ang paglalathala ng datos bibliyograpikal ng talaan ng nakalap na 104 na tesis at disertasyon. Sa katawan ng papel, binuo na ang mga datos bibliyograpikal sa mga akdang natukoy, katunayan nagbanggit ng datos bibliyograpikal ng mga apatnapung bilang. Sa interesadong mambabasa, makatutulong ang sumusunod na pangkalahatang sanggunian hinggil sa mga tesis at disertasyon.

Bautista, Violeta V. and Pe-pua, Rogelia, eds. *Pilipinolohiya: Kasaysayan, Pilosopiya at Pananaliksik*. Manila: Kalikasan Press, 1991. Print.

Dizon, Fe S. “Seventy Years of Philippine Theater: An Annotated Bibliography of Critical Works, 1900-1970.” MS thesis. U of the Philippines, 1972. Print.

Lucero, Rosario C. “College of Arts and Letters, University of the Philippines Dissertation Abstracts 1976-2000.” Quezon City: College of Arts and Letters, U of the Philippines, 2002. Print.

Tiongson, Nicanor G. and Fernandez, Doreen G., eds. “References: Theses and Dissertations.” *Cultural Center of the Philippines Encyclopedia of Philippine Art*. Vol 7. Manila: Cultural Center of the Philippines, 1994. 10 vols. 436-437. Print.

BINANGGIT NA SANGGUNIAN

- Aguas, Juan S. "A Study of the Life of Juan Crisostomo Soto with Special Reference to *Alang Dios!*" MA thesis. U of the Philippines, 1955. Print.
- Arabia, Arsenio B. "The Plays of Guerrero: A Critical and Interpretative Guide in the Study of His Plays." MA thesis. Far Eastern U, 1951. Print.
- Arespacochaga, Zenaida M. "English Playwriting and the Filipino Stage." MA thesis. U of Santo Tomas, 1951. Print.
- Barranco, Corinta G. "Wilfrido Ma. Guerrero: The Dramatist as Critic of Contemporary Philippine Society." MA thesis. U of Santo Tomas, 1972. Print.
- Daria, Quintana T. "A Study of Severino Reyes as a Dramatist, Based on a Critical Analysis, with an English Translation of His Zarzuela, *Walang Sugat*." MA thesis. U of the Philippines, 1954. Print.
- Deniga, Ester F. "Ang mga Kuwento at Dula ni Severino Reyes sa Larangan ng Panitikang Pilipino." MA thesis. National Teacher's College, 1948. Print.
- Diaz, Pilar. "The Play in English as Written by Filipinos before 1942." MA thesis. U of the Philippines, 1963. Print.
- Evangelista, Hortensia T. "A Survey of Philippine Plays in English." MA thesis. Far Eastern U, 1953. Print.
- Fajardo, Brenda. "Ang Inukit na Kaalamang Bayan ng Paete: Isang Masusing Pag-aaral ng Balangkas Pangkultura." Diss. U of the Philippines, 1997. Print.
- Fernandez, Steven Patrick C. "The San Miguel Fiesta Rituals of Iligan City: Correlations of Form, Function and Value." MA thesis. U of the Philippines, 1985. Print.
- Hufana, Alejandrino G. "The Significance of Mena Pecson Crisologo in Iloko Drama: A Study of His Extant Plays." MA thesis. U of the Philippines, 1961. Print.
- Legasto, Priscelina P. "Philippine Contemporary Theater, 1946-1985 (with Special Emphasis on Theater in Manila) A Materialist Analysis." Diss. U of the Philippines, 1988. Print.

- Mojares, Resil B. *Theater in Society, Society in Theater, Social History of a Cebuano Village, 1840-1940*. Quezon City: Ateneo de Manila UP, 1985. Print.
- Realubit, Maria Lilia F. "A Study of Popular Drama in Bikol." MA thesis. U of the Philippines, 1961. Print.
- Rivera Escasinas, Filomena. "The Women in Philippine Plays Written in English." MA thesis. U of San Carlos, 1956. Print.
- Rivera-Mirano, Elena. *Ang mga Tradisyonal na Musikang Pantinig sa Lumang Bauan, Batangas*. Manila: National Commission on Culture and the Arts, 1997. Print.
- Sinco Baring, Susana. "Pre-War Filipino Plays in English: A Historical Cultural Study." MA thesis. U of the Visayas, 1959. Print.
- Tiongson, Nicanor G. "Ang Dulang Panrelihiyon sa Malolos, Bulacan: Kasaysayan at Estetika." MA thesis. U of the Philippines, 1974. Print.
- . *Kasaysayan at Estetika ng Sinakulo at Ibang Dulang Panrelihiyon sa Malolos*. Quezon City: Ateneo de Manila UP, 1975. Print.
- Yan Wong, Pilar. "Filipino Drama in English from 1940-1971." MA thesis. U of the Philippines, 1974. Print.